



County ng San Diego

DEPARTMENT OF ENVIRONMENTAL HEALTH AND QUALITY





P.O. BOX 129261, SAN DIEGO, CA 92112-9261

Telepono: (858) 505-6900 | Fax: (858) 999-8920 | www.sdcdelhq.org

MICROENTERPRISE HOME KITCHEN OPERATION (MEHKO) CHECKLIST PARA SA PAGSISIMULA NG IYONG NEGOSYO

Para maging isang aprubadong Microenterprise Home Kitchen Operation (MEHKO) sa County ng San Diego, dapat kumuha ng pag-apruba mula sa Departamento ng Kalusugan at Kalidad ng Kapaligiran ang mga interesadong partido. Matutulungan ka ng mga item na nakalista sa ibaba para ihanda at isumite ang iyong aplikasyon para sa pagsusuri. Aabisuhan ka tungkol sa katayuan ng iyong aplikasyon sa loob ng dalawampung (20) araw ng negosyo pagkatapos matanggap ang iyong kompletong pakete ng aplikasyon.

3 MADALING HAKBANG SA PAGSISIMULA NG IYONG MEHKO - MAGPLANO, MAG-APPLY, MAGPATAKBO

 MAGPLANO	 MAG-APPLY
<input type="checkbox"/> I-verify na pinapayagan ang iyong nakaplanong menu sa MEHKO.	<input type="checkbox"/> Isumite ang form ng Karaniwang Pamamaraan sa Pagpapatakbo ng MEHKO at iminungkahing menu.
<input type="checkbox"/> Kung inuupahan mo ang iyong bahay, tanungin ang may-ari ng bahay para malaman kung maaari kang magkaroon ng negosyong nakabase sa bahay sa iyong tirahan.	<input type="checkbox"/> Isumite ang Aplikasyon sa Permisong sa Kalusugan at bayaran ang naaangkop na bayad sa permiso.
<input type="checkbox"/> Kompletuhin ang kurso para sa Sertipiko ng Tagapamahala ng Kaligtasan ng Pagkain .	<input type="checkbox"/> Magsumite ng valid na Sertipiko ng Tagapamahala ng Kaligtasan ng Pagkain .
<input type="checkbox"/> Makipag-ugnayan sa lokal na hurisdiksyon para matukoy ang anumang kinakailangan sa lokal na pagpapahintulot na dapat makuha bago ang pagpapatakbo (halimbawa, lisensya ng negosyo, permiso sa paninirahan sa bahay).	<input type="checkbox"/> Isumite ang mga resulta ng pagsusuri sa tubig ng balon – Para lang ito sa mga MEHKO na pribadong balon ang pinagmumulan ng supply ng tubig. Kinakailangang isumite kasama ng aplikasyon ng permiso sa kalusugan ang paunang buong panel na may kasamang mga hindi organic at kabuuang resulta ng pagsusuri sa coliform.
<input type="checkbox"/> Makipag-ugnayan sa Departamento ng Buwis at Pangasiwaan ng Bayad ng CA tungkol sa buwis sa pagbebenta.	
<input type="checkbox"/> Nagpaplano magsilbi o payagan ang alak sa iyong MEHKO? Makipag-ugnayan sa Departamento ng Pagkontrol sa Inuming may Alkohol ng CA .	
 MAGPATAKBO 	
<input type="checkbox"/> Tiyaking sinusunod mo ang iyong isinumiteng Karaniwang Mga Pamamaraan sa Pagpapatakbo (Standard Operating Procedures, SOP). Nangangailangan ng muling pagsusumite ng iyong SOP kung may anumang pagbabago sa iyong SOP pagkatapos ng paunang pag-apruba at malalapat ang mga karagdagang bayarin sa pagsusuri.	<input type="checkbox"/> Manatili sa iyong pang-araw-araw at lingguhang mga limitasyon sa pagkain: <i>Maximum na 30 pagkain bawat araw, na hindi hihigit sa 90 pagkain bawat linggo.</i> <i>Kung nagpapatakbo ng pinahihintulatang mobile cart bilang extension ng MEHKO, tataas ang mga limitasyon sa pagkain sa maximum na 80 pagkain bawat araw at hindi hihigit sa 200 pagkain bawat linggo.</i>
<input type="checkbox"/> Sundin ang wastong mga kasanayan sa kaligtasan ng pagkain at magsagawa ng regular na inspeksyon sa sarili .	<input type="checkbox"/> Itapon nang maayos ang taba, langis, at grasa .
<input type="checkbox"/> Subaybayan ang iyong taunang kabuuang kita. Naa-adjust ang mga limitasyon sa kita taun-taon para sa inflation batay sa index ng presyo ng consumer sa CA .	<input type="checkbox"/> Maging mabuting kapitbahay! Magkaroon ng kamalayan sa mga potensyal na epekto sa iyong mga kapitbahay hinggil sa paradahan, basura, at ngay bilang resulta ng iyong pagpapatakbo.
<p>Makipag-ugnayan sa Amin: Espesyalistang Naka-Duty (858) 505-6900, o sa pamamagitan ng email sa FHDMEHKO@SDCOUNTY.CA.GOV</p>	